Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
Rehiyon XII
**SANGAY NG LUNGSOD NG TACURONG**
Lungsod Tacurong

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
CID Blg. 24 s. 2019

Sa mga: Kawani ng Sangay ng Lungsod ng Tacurong

**Mula sa: LEONARDO M. BALALA, CESE**
**Tagapamanihala**

**Paksa: 2019 BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

**Petsa: Agosto 9, 2019**

---

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa tuwing Agosto 1-31, pangungunahan ng Komisyon ng Wikang Pambansa (KWF) ang mga programang kaugnay nito. Ang paksa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino."

2. Magkakaroon ng Pampinid na palatuntunan sa ika 23 ng Agosto 2019, sa ganap na ika 8 ng umaga sa Division Conference Hall, Lungsod ng Tacurong. Inaanyayahan ang bawat grupo mag dala ng mga pagkaing pinoy para sa pananghalian at meryenda ng mga kasapi.

3. Kalakip nito ang mga pangkat, pamantayan at panuntunan ng mga gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng nasabing Memorandum sa lahat ng mga kinauukulan.

**MGA TUNTUNIN SA PAGSALI NG PATIMPALAK AT PANUNTUNAN NG PAGHATOL**

- Bukas ang mga paligsahan para sa lahat ng mga kawani ng Sangay ng Lungsod ng Tacurong
- ANG HINDI SUSUNOD SA PANGKALAHATANG PAMANATAYAN AY MAY KARAMPATANG BAWAS SA PANGKALAHATANG PUNTOS.
-

**I. MASINING NA SABAYANG PAGBIGKAS**

A. Mga Mekaniks ng Paligsahan

1. Bawat kalahok na pangkat ay binubuo ng functional dibisyon
2. Isang pyesa lamang ang maaaring gamitin sa paligsahan
3. Bilang paggalang sa "poetic right" ng may –akda, hindi pinahintulutan ang pagkaltas ng mahahalagang salita o kaisipan sa nasabing piyesa, ngunit maaaring payagan ang pagdaragdag'ng ilang mga pantulong na salita na hindi naman makakaapekto sa nais ipahayag na kahulugan ng may-akda.
4. Ang paglapat ng himig, tunog, o awitin habang bumibigkas ay maaaring gawin ng mga kalahok.
5. Ang pagsusuot ng mga kasuotan, paglikha ng mga props o pagkakaroon ng koryograpi ay pinahintulutan kung ito ay makaragdag sa pagiging malikhain at ikagaganda pa sa naturang paligsahan
6. Ang desisyon ng hurado ay pinal at hindi na maaaring mabago.

**Pamantayan**

| | |
|---|---|
| Interpretasyon | 60% |
| Pagbigkas | 20% |
| Sangkap Teknikal | 10% |
| Panghikayat sa Madla | 10% |
| **Kabuuan** | **100%** |

**II. Awiting Kundiman**

1. Bawat functional dibisyon ay magkakaroon ng isang kalahok lamang
2. Susundin sa paglikha ng musika ang klasikong anyo ng kundiman na may kumpas na ¾ at may tunugang nagsisimula sa menor at lumilipat sa mayor hanggang sa pagtatapos. Gagamitinng huwaran ang mga kundimang " Anak –Dalita," "Pakisuap" at " Madaling –araw," ni Francisco Santiago at " Nasaan ka, irog,"
   " Kundiman ng Luha," at "Himutok" ni Nicanor Abelardo. Nakaareglo ang musika sa paraang puwedeng saliwan ng piyano o gitara,( live or minus one).

Pamantayan

| | |
|---|---|
| Musika (Estruktura, armonya, atbp.) | 30% |
| Letra (Linaw at husay ng pahayag, lalim ng diwa at timyas ng damdamin) | 30% |
| Pagkanta ( Pagkamadamdamin, husya ng bigkas ng letra) | 30% |
| Pangkalahatang Bisa o Dating | 10% |
| Kabuuan | 100% |

III. Lutong Pinoy

1. Ang bawat pangkat ay maghahanda ng recipe ng pagkaing pinoy.
2. Ang bawat recipe ay kailangang masustansiya at sa murang halaga.
3. Ang desisyon ng hurado ay pinal at hindi na maaaring mabago.

Pamantayan

| | |
|---|---|
| Panlasa ( Taste) | 40% |
| Pagka-orihanal at pagiging makabago ( Originality and Innovativeness) | 40% |
| Presentasyon at Kabuuang Impresyon | 20% |
| Kabuuan | 100 |

IV. Larong Pinoy

a. Hampas palayok
b. Tumbang Preso